# Komparatibong Analisis ng Sayaw na Ritwal ng Karakol sa Cavite Gamit ang Panata, Pagtitipon, at Pagdiriwang ni Anril Tiatco (Isang Preliminaryong Pag-aaral)

June Kiervin G. Dioso
De La Salle University, Manila, Philippines
june_dioso@dlsu.edu.ph

Feorillo Petronillo III Demeterio
De La Salle University, Manila, Philippines
feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph

## Abstrak

Isang pasayaw na ritwal ng mga Kabitenyo tuwing mayroong pista ng isang Santo o Poon sa Cavite ang Karakol. Sa paglipas ng mga taon, unti-unting nagkaroon ng pagbabago tungo sa paggamit ng modernong musika at mga makabagong galaw sa pagsasayaw ng Karakol. Sinuri ng pananaliksik na ito ang mga pagbabagong naganap sa ritwal na sayaw ng Karakol. Nakatuon ito sa ebolusyon ng sayaw, pati na rin ang mga motibasyon sa likod ng mga pagbabagong ito mula sa Tradisyunal na Relihiyoso, Modernong Relihiyoso, tungo sa Modernong Sekular na sayaw, na iminungkahi nina Dioso at Demeterio bilang mga kategorya ng Karakol. Isa sa mga batayan ng pananaliksik na ito ang teorya ng cultural performance at ang penomenon ni Tiatco ng Panata, Pagtitipon, at Pagdiriwang. Ginamit ng pag-aaral ang mga datos mula sa panayam at personal na karanasan ng mananaliksik bilang deboto at mangangarakol upang komparatibong suriin ang tatlong kategorya ng Karakol. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kultural na kahulugan at simbolo na ipinahayag sa kultural na pagtatanghal, natukoy ng pag-aaral ang mga pagkakaiba sa pagitan ng mga mungkahing kategorya ng Karakol sa dalawang matandang simbahan sa Cavite: ang Simbahan ng Tanza at ang Simbahan ng Rosario. Bunsod nito, tila natatabunan ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol habang nagiging mas popular ang Modernong Relihiyoso at Sekular na Karakol, na mas tinatanggap ng mga bagong deboto at mangangarakol. Bahagi ang pananaliksik na ito ng mga panimulang pag-aaral sa hindi gaanong dokumentadong kultura ng debosyon sa pamamagitan ng ritwal na sayaw na Karakol.

Mga susing salita: *Karakol, ritwal, sayaw, panata, debosyon*


© 2025 Dioso, J.K.G. and Demeterio, F.P. III | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

## Abstract

Karakol is a ritual dance performed by the people of the province of Cavite every time there is a feast of a Patron Saint or a "Poon" in a chapel or parish. However, in recent years, there has been a shift towards the use of modern music and modern steps and variations in dancing the ritual dance Karakol. This change has received different reactions from the people, especially with the older generations. Some people are criticizing these changes, and want to bring it back to the dance to its traditional style. However, some people perceive these changes as an opportunity to attract younger generations to go back to church and continue the tradition of dancing the Karakol. This research paper examines the changes in the Karakol ritual dance. Focusing on the evolution of the dance and its ritual, the motivations behind the changes from traditional religious Karakol, modern religious Karakol, to modern secular Karakol, a proposed categorization by Dioso and Demeterio in this paper on Karakol Ritual Dance. The theory of cultural performance, and Tiatco's phenomenon of Panata, Pagtitipon, and Pagdiriwang are one of the bases of this paper, this study comparatively analyzed the three proposed categories of Karakol using the data from interviews and online videos and livestreams, visual ethnography during Karakol celebrations, as well as the personal experience of the researcher as a devotee and as a Karakol dancer. By identifying the cultural meanings and symbols expressed in the Cultural Performance, the study identified the differences in the suggested categories of Karakol in two old churches in Cavite, the Tanza Church and Rosario Church. In this sense, traditional religious Karakol is being overshadowed while the modern categories such as modern religious Karakol and modern secular Karakol are becoming more popular and more recognized by new devotees and Karakol dancers. This research is part of preliminary studies on this undocumented culture of devotion through the Karakol ritual dance.

Keywords: Karakol, ritual, dance, vow, devotion

## INTRODUKSIYON

"Isang natatanging relihiyosong sayaw ng Cavite", ayon kay Kardinal Tagle ang Karakol, isang sayaw na bahagi ng ritwal sa prusisyon ng mga Kabitenyo sa tuwing mayroong Pistang Bayan bilang pagpaparangal at pagdedebosyon sa isang santo/santa o Poon sa Cavite. Naniniwala ang mga Kabitenyo na ginagawa ang ganitong

gawain ng pagkakarakol bilang pasasalamat sa isang santo para sa masaganang ani gayundin bilang isang paraan ng pananalangin upang humiling ng ulan.[1] Maituturing nga na isang natatanging buhay na pamanang kultural o *intangible cultural heritage* ang Karakol na bahagi ng tradisyong relihiyoso sa Cavite at bilang bahagi na rin ng mga komunal na kasiyahan dahil sa tagal na nitong pananatili sa kultura ng mga Pilipino. Gayunpaman, gayong laganap ang tradisyong ito sa Cavite, nananatiling manipis ang mga pag-aaral at literatura rito. Gayundin namang hindi pa gaanong naitatala ang ritwal na ito, kasabay na rin nito ang pagbabago at patuloy na paglaganap ng tradisyong ito sa kasalukuyan sa Cavite at sa iba pang mga lugar.

Nahahaluan na rin ang dating pagdiriwang na pansimbahang ito ng mga sekular at popular na elemento mula sa popular na kultura. Sa isang pananaliksik ni Fresnido hinggil sa Karakol sa Alapan nakita niyang halos banal at mapayapa ang Karakol sa Alapan, Imus, ngunit nahaharap din ang mga *organizer* sa mga hamon na nagbabanta sa pagiging banal nito.[2] Binigyang-diin din sa kanyang tesis na kailangang isaalang-alang ang mga hakbang upang matugunan ang mga isyung ito upang mapanatili ang tunay na layunin ng ritwal.

Nilalayong tugunan ng papel na ito ang agwat na ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang komparatibong pag-aaral na sumasalamin sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng mungkahing kategorisasyon nina Dioso at Demeterio sa pasayaw na ritwal na Karakol na (1) Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, (2) Modernong Relihiyosong Karakol at (3) Modernong Sekular na Karakol sa Probinsya ng Cavite. Sa pamamagitan ng paggalugad sa tatlong mahahalagang aspekto na binanggit sa balangkas ni Tiatco sa kanyang pag-aaral sa Kultural na Pagtatanghal, katulad ng mga pagturing sa mga pagtatanghal, at kolektibong gawain ng mga deboto bilang panata, pagtitipon, at pagdiriwang, nilalayon ng papel na ito na magbigay ng preliminaryong

[1] R. T. Liba et al., "Native Rice Delicacies of Naic, Cavite: An Exploratory Study of Gastronomical Past, Present and Future," Journal of Tourism Research and Hospitality 6, no. 3 (2017): 10-13.

[2] Cristine Anne B. Fresnido, "Karakol: A Dance of Devotion and History" (2018).

pag-unawa sa kultural at relihiyosong kahalagahan ng pagkakatulad at pagkakaiba ng tatlong mungkahing kategorisasyon ng Karakol.

Sa mga sumusunod na seksyon, sinuri ang umiiral na literatura sa Karakol na nagtatampok sa mga posibleng agwat sa pananaliksik na hinahangad ng pag-aaral na matugunan. Pabatid na iilan lamang ang literatura tungkol sa Karakol, at ang karamihan ay pagbanggit lamang sa Karakol. Bukod pa rito, tinalakay rin ang napiling pamamaraan na magbibigay-daan upang malinaw na matalakay ang tatlong mungkahing kategorisasyon ng Karakol.

## Ritwal na Sayaw

Naging tulay kung bakit interesanteng pag-aralan ang papel na ito dahil sa pananaliksik ni Demeterio hinggil sa ritwal na sayaw sa Obando sa kaniyang papel na *The Sacred Images, Patronages and Rituals of Obando Church, Bulacan, Philippines: A Historical Investigation*. Sa papel na ito, ipinaliwanag niyang wala ngang batayan ang paniniwala ng ilang mga deboto na nagmula ang sayaw sa Obando sa kasalukuyan, bago pa dumating ang panahong Kastila, gayundin na nagmula sa Fandanggo ang sayaw na ito.[3]

Pandanggo ang karaniwang itinatawag sa uri ng pagsasayaw na ito ng mga taga-Obando, at may pagkakahawig din ito sa Pandangguhan ng Pateros[4] at maging sa Karakol ng probinsya ng Cavite. Dahil sa mga musikang ginagamit at konteksto nito bilang pasayaw na ritwal sa isang prusisyon, maaaring mahinuha na "magkakahawig ngunit hindi iisa" ang mga ito. Ayon kay Deguma (2019), natatangi ang ritwal na sayaw ng Karakol sa Cavite[5] at gayundin naman ang pagsang-ayon ni Kardinal

[3] Feorillo Petronillo Demeterio III and Noella Ma-I. Orozco, "The Sacred Images, Patronages and Rituals of Obando Church, Bulacan, Philippines: A Historical Investigation," *Philippiniana Sacra* 58, no. 176 (2023): 323–358.

[4] Voltaire Villanueva, "Pasubo bilang Panata: Pagbabalik, Pagtatagpo at Pagdiriwang sa Pook Pangkalinangan ng Pateros," *HASAAAN* 1, no. 1 (2014): 1.

[5] J. Deguma, Melona S. Case, and Jemima N. Tandag, "Popular Religiosity: Experiencing Quiapo and Turumba," International Journal of Humanities and Social Science 2 (2019): 1-11.

Tagle na nagsabing isang natatanging relihiyosong sayaw ang Karakol ng Cavite.[6] Kaiba man ang Baile de los Arcos ng Makati kakikitaan din ito ng parehong layunin sa Karakol, ang magsayaw na may kasamang panalangin.[7]

Inilarawan din naman ni Capio ang Karakol bilang isang *prayerful dance* na siyang sinasayaw sa pagpaparangal sa patron ng Tanza, Cavite na si Tata Usteng o San Agustin.[8] Sa pagtukoy rito bilang isang prayerful dance, papasok kung gayon ang Karakol at iba pang sayaw ng panalangin sa tinatawag na Ritwal na Sayaw o Relihiyosong Sayaw na sang-ayon sa pakahulugang inilahad ni Fresnido sa kaniyang tesis. Ipinaliwanag naman ni Reyes sa kaniyang sanaysay na A Three-year Dance of Remembering kung ano ang Karakol at kung para saan ito ginagawa.[9]

Taliwas naman sa sinabi ni Reyes sa kaniyang sanaysay, ipinaliwanag ni Orcullo[10] na mabagal ang musika ng Karakol at hindi ito isang streetdance. Makikita rin ang paalalang ito sa mga pabatid ng Simbahan ng Reina del Caracol.[11]

Karaniwan ding tumutugtog ang mosiko o banda ng musika sa Karakol tulad ng Santa Clara, Pinong-pino, O maliwanag na Buwan,

---

[6] Diocese of Imus, "Tena't MagKA-RA-KOL Diocese of Imus: Golden Jubilee Celebration" (Gold Page Printing Services, 2021).

[7] Jame Monren T. Mercado, Stehanie R. Evangelista, Winie Pasoquin, and Nowellyn Kayle D. Cabalhin, "Panatang Sayaw: A Comprehensive Documentation And Resident's Perception On The Heritage Significance And Conservation Of Baile De Los Arcos In Sampiro (Makati)," *ANTORCHA* 4, no. 2 and 3 (2017): 1.

[8] Lorenzo Alvin T. Capio and Susana R. Reyes, "A Phenomenological Inquiry on the Devotees of the Miraculous Image of San Agustin De Tanza, Philippines," Journal of Advanced Research in Social Sciences and Humanities 4, no. 1 (2019): 09-16.

[9] Diocese of Imus, Tena't MagKA-RA-KOL Diocese of Imus: Golden Jubilee Celebration (Gold Page Printing Services, 2021).

[10] Rev. Fr. Eric Orcullo, panayam ni June Dioso, Silang, Cavite, February 19, 2024.

[11] Reina del Caracol - Rosaryohan. "Mga Paalala sa Pagsasayaw ng Karakol." Facebook, October 6, 2023. https://www.facebook.com/photo?fbid=346782448005832&set=pcb.346782514672492.

Paruparong Bukid, Labandera, De Colores, at La Jota Moncadeña. Sa ilang musikang nabanggit, nagkakahawig ang ilang musikang ginagamit sa Karakol, Sayaw sa Obando, at Pandangguhan ng Pateros. Ngunit, ang pagkakahawig-hawig na ito sa musika na ginamit ay nagkakaiba-iba ng interpretasyon sa bilis at sa estilo ng sayaw sa bawat lugar at kultura.

Sa pananaliksik ni Fresnido, mababasa ngang isang *dance ritual* ang Karakol bilang paghingi ng ulan, o bilang pasasalamat. May mga sanaysay ring tumatalakay sa Karakol sa *commemorative book* na Ka-Ra-Kol na isang proyekto ng Diyosesis ng Imus noong 2011. Sa gayon, ang limitadong mga materyal at ilang mga pagbanggit sa kaligiran at kahulugan ng Karakol ay isang motibasyon upang saliksiksin pa ang Karakol sa Probinsya ng Cavite lalo na ang mga umuusbong na pag-unlad at pagkakaiba ng Karakol, na bukod sa musika ay nahahaluan na rin ng mga makabagong indak at indayog na silang tumatabon sa tradisyunal na sayaw ng ritwal na panalanging ito, dagdag pa ang mga taliwasang pagpapakahulugan kung ito ba ay sayaw na panalangin o isang street dance o kombinasyon ng dalawa. Sang-ayon na rin sa pagninilay ni Fr. Orcullo ng Ministry on Popular Devotions ng Diyosesis ng Cavite na dapat na magkaroon pa ng mga mananaliksik na mag-aaral hinggil sa Karakol.[12]

## Pagkakategorya: Tradisyunal, Relihiyoso, Moderno, at Sekular

Upang mas lalong maunawaan ang pagkakaiba ng Relihiyoso at Sekular na Karakol, inuri nina Dioso at Demeterio ang mga ito sa tatlong mas madaling maunawaang mga kategorya at ang mga katangian at kahulugan ng bawat baryabol nito at kung paano sila nagtatagpo sa aspekto ng sayaw: Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, Modernong Relihiyosong Karakol at Modernong Sekular na Karakol. Sa pagpapakahulugan sa mga baryabol, mahihimay ang mga kahulugan ng mga sumusunod na mga katangian. Ang tradisyunal ay mga bagay o ideya o gawi na naipasa sa henerasyon at susunod pang mga

[12] Cristine Anne B. Fresnido, "Karakol: A Dance of Devotion and History" (2018).

henerasyon.[13] Relihiyoso naman ang sayaw kung ang mga sayaw ay nakaugat sa kultura at may kaugnayan sa relihiyon.[14] Masasabi namang moderno kung ito ay mga bagay na bago o kamakailan lang.[15] Sekular naman kung ito ay mga bagay na hindi relihiyoso o walang kaugnayan sa relihiyon.[16]

Ayon sa *The Virgins of Cavite: History, Art, and Religiosity* (Unabia, Sepeda, at Sarile 2014), mayroong dalawang kategorya ng Karakol: Ang *Spontaneous* at *Choreographed* Karakol.[17]

Ayon kay Kavakli et al. (2004) isang anyo ng sayaw ang tradisyunal na sayaw na naipapasa mula sa isang henerasyon tungo sa susunod na henerasyon at nakaugat sa isang partikular na kultura.[18] Samantalang ang relihiyosong sayaw naman ayon kay Gundlach (2008) ay patanghal, kinakatawan, at multimodal na gawain na nakaukit sa isang partikular na kultura at nakaugat sa konteksto ng relihiyon.[19]

---

[13] Evangelia Kavakli, Sophia Bakogianni, Adam Damianakis, Maria Loumou, and Dimitris Tsatsos, "Traditional Dance and E-learning: The WEBDANCE Learning Environment," in *International Conference on Theory and Applications of Mathematics and Informatics*, Greece, 2004.

[14] Helga Barbara Gundlach, "New Approaches to the Study of Religious Dance," in *New Approaches to the Study of Religion. Volume 2: Textual, Comparative, Sociological, and Cognitive Approaches* (2008): 139–163.

[15] Merriam-Webster Dictionary. "Definition of Modern," October 5, 2023. https://www.merriam-webster.com/dictionary/modern.

[16] Merriam-Webster Dictionary. "Definition of Secular," October 2, 2023. https://www.merriam-webster.com/dictionary/secular.

[17] Teresita Palma Unabia, Bernardo Noceda Sepeda, and Rosanni Recreo-Sarile, *The Virgins of Cavite: History, Art, and Religiosity* (Cavite: De La Salle University-Dasmariñas, Cavite Studies Center, 2014).

[18] Evangelia Kavakli, Sophia Bakogianni, Adam Damianakis, Maria Loumou, and Dimitris Tsatsos, "Traditional Dance and E-learning: The WEBDANCE Learning Environment," in *International Conference on Theory and Applications of Mathematics and Informatics*, Greece, 2004.

[19] Helga Barbara Gundlach, "New Approaches to the Study of Religious Dance," in *New Approaches to the Study of Religion. Volume 2: Textual, Comparative, Sociological, and Cognitive Approaches* (2008): 139–163.

Ang parehong Tradisyunal at Relihiyoso ay nakaugat sa kultura, sa unang pagkakategorya sa pananaliksik na ito, nakaugat sa kultura ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol at nakaangkla ito sa relihiyon. Mas mauugat sa luma at mas tapat sa matandang tradisyon. Mas estrikto rin ito kumpara sa mga susunod na mga kategorya. Isang uri ito ng Karakol na ginagawa sa mga selebrasyong relihiyoso, tulad ng mga prusisyon sa simbahan at relihiyosong mga pagdiriwang at inorganisa ng/o para sa simbahan. Karaniwan itong personal na ginagawa ng isang tao na sumasama sa isang pagdiriwang ng Karakol o sa mga grupo ng mga tao na tinatawag na mga mangangarakol o Karakolista kahit saan mang lugar (del mar o dela Tierra). Sa kasaysayan ng Karakol, gumagalaw sa mas mabagal na maugoy na paraan ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol. Ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol ay kadalasang sinasaliwan din ng tradisyunal na musika o ng mga awiting bayan na tinutugtog ng mga mosiko sa mas mabagal ding paraan.

Ang Modernong Relihiyosong Karakol naman ay bagong anyo ng Relihiyosong Karakol. Kontemporaryo ang mga galaw nito, nahahaluan ng mga pag-indak at pagkandirit at hindi na gaanong sumusunod sa nakasanayang tiyempo at indayog. Sinasabing may gaslaw at may iba't ibang ispesipikong indak sa bawat musika. Sinasayaw sa mga selebrasyon o pagtitipong relihiyoso, maaaring magsama ng mga bagong elemento ng paggalaw, musika, o kasuotan. Katulad ng nabanggit, *choreographed* ang ganitong kategorya ng Karakol na sinasalihan ng marami. Kadalasang humaharap ang kategoryang ito ng kritisismo dahil sa mga makabagong indak at kandirit nito.

Ang Modernong Sekular na Karakol ay makabago at lumalayo na sa nakasanayan at karaniwang ginaganap sa mga gawaing inorganisa hindi ng mga relihiyosong organisasyon kundi ng mga paaralan at/o ng lokal na pamahalaan. Tulad ng mga pagdiriwang na sekular at iba pang selebrasyon, sinasayaw ito sa mga lugar na hindi relihiyoso. Karaniwan itong ginaganap sa mas mabilis at masiglang estilo kaysa sa Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, at maaari itong magsama ng mga elemento ng iba pang kontemporaryong estilo ng sayaw. Maibibilang din dito ang mga pagtatanghal ng Karakol na hindi naman mga Karakol ngunit binabansagan lamang na Karakol.

Kung gayon, maaaring lagumin sa layunin, tiyempo, musika, estilo, at konteksto nito ang mga mungkahing kategorya ng Karakol nina Dioso at Demeterio. Ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol at Modernong Relihiyosong Karakol ay parehong may layuning relihiyoso at isinasagawa sa mga relihiyosong gawain at nakapaloob sa mga pagdiriwang ng simbahan, bagaman ang pangalawa ay nahahaluan na ng mga sekular na mga konteksto. Kumpara sa Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, mas mabilis at mas masigla ang tiyempo at musika ng Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular na Karakol. Parehong gumagamit ang tatlo ng mga tradisyunal na musika ngunit naiiba ang dalawang moderno sa tiyempo at tindi ng bayo ng baho na ginagamit sa mga beat lalo na sa moderno relihiyoso at sekular na gumagamit na kung minsan ng mga *sound system*. Nanatili sa pagiging mabagal at solemne, at paugoy ang estilo ng Tradisyunal na Relihiyoso, samantalang masigla at dinamiko ang parehong Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular, ngunit naiiba na ang Modernong Sekular na nahahaluan ng iba pang mga sayawing-bayan.

## Komparatibong Pagsusuri sa Kultural na Pagtatanghal ng Karakol

Ang komparatibong pagsusuri ay tumutukoy sa proseso ng paghahambing ng dalawa o higit pang mga bagay, proseso, datos, o iba pang mga aytem upang matukoy ang pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga ito.[20]

Sa aklat na New Approaches to the Study of Religion Volume 2, tinalakay ni Ronald L. Grimes (2004, 109) ang paggamit ng *performance studies* sa pag-aaral ng ritwal. Naniniwala si Grimes na ang performance studies ay maaaring gamitin upang magbigay ng isang mas masinsin na pag-unawa sa mga *performative* o patanghal na aspekto ng isang ritwal. Tinalakay naman sa kabanata ni Gundlach na maaaring gamitin ang mga pag-aaral sa pagtatanghal upang magbigay ng isang mas

[20] Frank Esser and Rens Vliegenthart, "Comparative Research Methods," in *The International Encyclopedia of Communication Research Methods* (2017): 1–22.

masinsing pag-unawa sa mga *performative* na aspekto ng relihiyosong sayaw.[21]

Sa kabanatang Performance sa aklat na The Oxford handbook of the study of religion, sinasabing pagganap ng isang makabuluhang gawain ng isang kultura sa harap ng madla ang pagtatanghal. Binigyang-diin din nina Michaels at Sax dito sa kabanatang *Performance* na mahalaga ang pormalidad at pag-uulit (formality and repetition) sa parehong ritwal at pagtatanghal.[22] Ayon sa kanila humuhubog sa pananampalataya at hindi lamang pagtatanghal para sa ikasisiya ng Diyos ang mga ritwal na sayaw. Sa pagsusuri ng teorya ng kultural na pagtatanghal na ito ng Karakol sa kategorya nitong Tradisyunal na Relihiyoso, Modernong Relihiyoso, at Modernong Sekular, gagamitin ang penomenon ni Tiatco na Panata, Pagtitipon, at Pagdiriwang.[23] Sa muling basa sa kaniyang preliminaryong kontekstuwalisasyon, makikitang lumilitaw ang mga sumusunod na pagpapakahulugan at mga tanong o elemento sa bawat penomena:

Ang **Panata (sacrificial vow)** ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino – KWF ay bagay na ipinangakong gagawin tuwi-tuwina o pagtupad sa naipangakong pagsisimba o pagdarasal.[24] Susuriin ang punto ng Panata kung: (1) Lumilitaw pa ba sa parehong tatlong kategorya ng Karakol ang pagpapakasakit at pagsasakripisyo?

Ang **Pagtitipon (Gathering)** ay isang pagsasama-sama sa mga natatanging mga pagdiriwang na maaaring lahukan ng mga miyembro ng komunidad. Nais suriin ng pananaliksik ang punto ng Pagtitipon

[21] Peter Antes, Armin W. Geertz, and Randi Ruth Warne, eds., *New Approaches to the Study of Religion*, vol. 2 (Berlin: Walter de Gruyter, 2004).

[22] Michael Stausberg and Steven Engler, eds., *The Oxford Handbook of the Study of Religion* (Oxford: Oxford University Press, 2016).

[23] Sir Anril Pineda Tiatco, "Panata, Pagtitipon, Pagdiriwang: A Preliminary Contextualization of Cultural Performances in the Philippines," *Humanities Diliman* 16, no. 1 (2019).

[24] KWF Diksiyonáryo ng Wíkang Filipíno. "Kahulugan ng Panata" October 2, 2023. https://kwfdiksiyonaryo.ph/?fbclid=IwAR24LMwLEzr3INgEkSG2MK1hL3NoaCh-HOJiwdb0wcTQmLIgjIrKYd8okkE8.

kung: (2) Ano nga ba ang kahalagahan at simbolismo ng Pagtitipon sa tatlong kategorya ng Karakol para sa mga deboto bilang isang selebrasyon na nagpapaunlad ng komunyon at pagkakaisa ng mga miyembro ng komunidad?

Ang **Pagdiriwang (Community Festivity)** ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino – KWF ay pagpapakitang ang isang pagkakataon, pangyayari, o panahon ay mahalaga sa pamamagitan ng mga nararapat na gawain; pagpapakita ng labis na katuwaan at pasasalamat (gaya ng kung nagtatagumpay sa digmaan o anumang gawain).[25] Nais sagutin ang punto ng pagdiriwang na: (3) Ano ang diwa ng Pagdiriwang na makikita sa tatlong kategorya ng Karakol? Paano ito sumasanib sa pagdiriwang ng Karakol?

## Pangangalap ng Datos at Pagsusuri

Sa tulong ng Teorya ng Kultural na Pagtatanghal ni Tiatco sa kaniyang Panata, Pagtitipon at Pagdiriwang. Inisa-isa ang mga katangian ng penomenong ito ayon kay Tiatco at sang-ayon na rin sa mungkahi ni Demeterio na magkaroon ng karagdagang aspekto kung saan maaaring ihanay ang ilan sa mga posibleng sisibol na tanong sa paghahambing ng tatlong kategorya ng Karakol. Mula rito, nabuo ang mga elemento ng Panata, Pagtitipon at Pagdiriwang ni Tiatco. Ang mga elemento ng Panata ay ang mga sumusunod: (1) Sino ang Pinananataan/ Pinaparangalan, (2) Bakit Pinananataan/Pinaparangalan?, (3) Sino ang namamanata/nagpaparangal?, (4) Gaano katagal nananatili ang panata/ pagpaparangal?, (5) Ano ang konsepto ng Sakripisyo at Pagdurusa?. Ang mga elemento ng Pagtitipon ay ang mga sumsunod: (6) Organizer/ Sponsor, (7) Performer, (8) Lokasyon, at (9) Komunidad at Hirarkiya. Ang mga elemento naman ng Pagdiriwang ay ang mga sumusunod: (10) Musika, (11) Anyo ng Sayaw, (12) Iba pang anyo ng kasiyahan, (13) Mga kadikit na elementong sekular, at (14) Mga Pagpapahalaga ng Komunidad.

[25] KWF Diksiyonáryo ng Wíkang Filipíno. "Kahulugan ng Pagdiriwang" October 2, 2023. https://kwfdiksiyonaryo.ph/?fbclid=IwAR24LMwLEzr3INgEkSG2MK1hL3No-aChHOJiwdb0wcTQmLIgjIrKYd8okkE8.

Sa komparatibong pagsusuri ng tatlong mungkahing kategorya ng sayaw ng Karakol, unang sinuri ang personal na danas ng mananaliksik sa Karakol bilang isang mangangarakol sa probinsya ng Cavite.

Tinukoy sa pananaliksik na ito ang dalawang matandang simbahan sa *lowland* Cavite na may laganap na Karakol na sila ring mga Diyosesanong Dambana *(Diocesan Shrine)* sa Cavite. (1) Ang simbahan ng Tanza o Diocesan Shrine of Saint Augustine na itinatag noong Agosto 29, 1780. (2) Ang simbahan ng Rosario o Ang Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of the Most Holy Rosary na itinatag noong 1845. Kasamang sinuri rito ang mga Karakol ng mga komunidad sa mga nagsagawa na malapit sa pistang simbahan at pistang bayan. Matapos ang biswal na etnograpiya at pagdanas sa mga Karakol, itinala rin ang nakalap na mga datos mula sa mga Karakol sa pamamagitan ng pagdanas ng mananaliksik (parehong pagsasayaw at pagpasan sa andas) gayundin ang pakikipanayam sa mga mangangarakol at mga nakaranas ng Karakol. Para sa *privacy* ng mga mangangarakol, hindi binanggit sa pananaliksik na ito ang pangalan ng mga nakapanayam. Sinuri ang mga sagot sa mga panayam sa komparatibong paraan sa paghahambing sa tatlong kategorya ng Karakol ayon sa penomenon ng *cultural performance* ni Tiatco. Inihanay ito sa isang *matrix*, kung saan pinagbangga ang tatlong kategorya ng Karakol. Itinala ang mga natukoy na tugon at katangian na pumapasok sa bawat kategorya. Matapos paghambingin sa isang *matrix*, pinaghambing naman ito gamit ang tatluhang venn diagram para sa bawat penomenon ng kultural na pagtatanghal.

## PAGSUSURI SA TATLONG KATEGORYA NG KARAKOL AYON SA KULTURAL NA PAGTATANGHAL

### Panata: Tradisyunal na Relihiyosong Karakol

Nagkaroon na ang ilang mga imaheng tanyag sa Cavite at sila namang mga antigo ng mga kadikit na kuwentong-bayan at mga sabi-sabi hinggil sa mga milagro nito. Karaniwan sa mga kuwentong-bayan ang mga kuwento kung papaano nabuo ang isang imahen at kung

paanong bumababa ang isang imahen sa altar upang manghikayat ng mga namamanata na magsimba at magdebosyon at bumabalik sa altar na may mga amorseko at halamang nakadikit sa damit nito.[26] Makikita ang ganitong kuwento sa ilang mga debosyon tulad ng kay Tata Usteng (San Agustin de Tanza) na laganap na debosyon sa lowland Cavite at nagtataglay ng iba't ibang mga kuwentong-bayan at mga himala.[27]

*Stereotype* na marahil sa Karakol sa pagiging lumang tradisyon nito ang paglahok dito ng mga matatandang namamanata, na karaniwan ay mga babae. Karaniwang sumasali ang mga matatandang lingkod ng simbahan at ng iba pang mga nahihikayat na magkarakol. Sa mga relihiyosong Karakol, bagamat malaking populasyon ng namamanata ay nasa edad 40 pataas makikita na rin ang ilang mga kabataang lingkod ng simbahan, at ibang mga deboto.

Tumatagal habambuhay ang pamamanata sa pamamagitan ng Karakol, mula sa pagsisimula ng isang nagkakarakol sa kaniyang pagkabata/pagkadalaga. Naipapasa ito mula sa mga magulang na nagturo ng pananampalataya o mula sa mga kasamang lingkod sa simbahan o mga deboto.

Katangian naman ng Karakol ang paglalakad nang mabagal habang sumasayaw, sa isang inobserbahang Karakol, tumatagal ang Karakol ng dalawa hanggang apat na oras sa pinakamaagang pagbabalik nito sa simbahan na paikot sa bayan o barangay o poblacion na malapit pabalik sa dambana. Sa Rosario, karaniwang nagsisimula ang Karakol sa simbahan ganap na ikawalo ng umaga at nakababalik naman ng simbahan bandang ikaanim o ikapito ng gabi. Sa ilang mga naobserbahang Karakol sa Tanza at Rosario tulad ng Karakol sa mga tuklong (chapels) isinasagawa ang Karakol habang nakasuot ng bestida

[26] Jose Alain Austria, "The Hardwood Patriarch: San Agustin De Tanza," *Ad Veritatem* 7, no. 1–2 (2007): 307–343, https://ustdigitallibrary.contentdm.oclc.org/digital/collection/adveritatem/id/3946 (accessed February 15, 2023).

[27] Jose Alain Austria, "Social Realities in Early 19th Century Santa Cruz de Malabon as Reflected in Religious Folklore," *The Journal of History* 51, no. 1–4 (2005): 1.

o ng kasuotang Pilipino tulad ng baro't saya habang dala-dala ang pamaypay o payong.

Makikita rito ang pagsasakripisyo ng mga mangangarakol o deboto sa pamamagitan ng paglalakad nang malayo at mabagal habang umuugoy o sa termino ni Orcullo ay nagsu-*sway-sway* sa saliw ng tugtog ng mosiko. Sa ilang nakapanayam para sa preliminaryong pananaliksik na ito, sinasabing makapagdarasal ka sa Tradisyunal na Relihiyosong Karakol habang nagkakarakol dahil sa mahinahong daloy nito. Nakakapagrosaryo rin ang ilang mga nagkakarakol sa kategoryang ito at humaharap pa sa andas habang paatras na naglalakad. Isang halimbawa nito ang Karakol sa Rosario na taimtim at mabagal na sumasayaw nang pa-*sway* habang paatras na lumalakad kasabay ng ugoy ng andas, nakaharap ang mga tao at nagdarasal sa harap ng Reina del Caracol.

## Panata: Modernong Relihiyosong Karakol

Karaniwang pinananataan ng mga namamanata ang mga replika ng mga santo/santa na nagdiriwang ng pista o ang orihinal na imahen nito tulad ng sa Tradisyunal na Relihiyoso.

Sa pagpaparangal na ito, ang Modernong Relihiyosong Karakol ay maaaring mangyari sa parehong pagkakataon ng pamamanata sa "orihinal/antigo" at/o sa "replika" na karaniwang pagmamay-ari ng mga Camarero o ng mismong simbahan o tuklong.

Hindi nalalayo sa tradisyunal na Karakol at pagdedebosyon sa mga antigo at orihinal na imahen ang pagdedebosyon ng mga may replika at ng mga lumalahok sa pamamanata. Para sa mga debotong taga-Tanza, ang mga replika ng mga imahen ng mga santo o poon ay tulad din ng imahen na nasa altar. Yari man ito sa kahoy o fiber resin na kanilang pinangangalagaan. Kung kilala ng mga namamanata ang isang santo o poon, lumalahok sila sa Karakol. Sa Tanza, maraming mga pamilya ang nagmamay-ari ng mga replika na ikinakarakol tuwing pista na sinasalihan ng mga mangangarakol at mamamasan. Isa pang dahilan ng pagsali sa Karakol ng ilan, kung naroroon ang kanilang mga kasamahan, at/o mga kaibigan ay lumalahok din sila sa Karakol. Batay

sa obserbasyon ng isang paring nakapanayam, karaniwang sumasali sa Karakol ang ilang mga kabataang nagkakarakol hindi dahil sa pamamanata kundi dahil sa kaibigan o barkada.

Malaking populasyon din ng lumalahok sa Modernong Relihiyosong Karakol ang mga grupo ng mga dumarayong mangangarakol na mayroong samahan na mananayaw tulad ng Anak Magdalena at Kagandahan Dance Group/Kagandahan Dance Organization. Mga bata ang karamihan sa Anak Magdalena, samantalang malaking bilang ng mga kabataan ang nasa KDG/KDO. Sa ngayon, ayon sa isa tagapagtatag ng KDG/KDO na si Malindog (2023) mas lumalaki pa ang bilang ng mga miyembro ng KDG/KDO at ng mga chapter nito.[28] Sa mga mas organisadong Karakol, mayroong mga grupo na rin dati nang magkakasama dahil sa kapatiran, o mga grupo ng mga matatanda sa mga Home Owners' Association (HOA) o sa mga barangay, o grupong pansimbahan tulad ng mga ministri.

Maaaring mahinuha na karaniwang tumatagal dahil sa samahan ang pamamanata sa pamamagitan ng Modernong Relihiyosong Karakol. Dahil karamihan na rin sa mga nagkakarakol sa anyong ito ay mga kabataan, mahirap pang tukuyin, sa ngayon, ang tagal ng ganitong uri ng pamamanata.

Para sa KDG/KDO, ang Karakol ay bahagi ng kanilang debosyon kay Santa Maria Magdalena, at sa iba pang patron. Kakikitaan ng pagdedebosyon kay Santa Maria Magdalena ang karamihan sa mga kabataang kalahok dito. Madalas ding maimbitahan ang kanilang samahan, at madalas lumahok sa mga Karakol ng Bayan o ng mga tuklong.

## Panata: Modernong Sekular na Karakol

Karaniwang isinasagawa ang Modernong Sekular na Karakol bilang paligsahan o bilang isang pagtatanghal. Nalalayo ang pamamanata dahil nawawala sa pagsasayaw ang pinananataanan.

[28] Mark Dave Malindog. "Buwan ng Anibersaryo." May 1, 2023. Accessed August 2, 2023. https://www.facebook.com/photo/?fbid=1010201937029726&set=a.135659921150603.

Sa isang pagtatanghal na ginawa ng Caviteños UK, binago ng mga nagtatanghal ang wagayway ng kamay at gumamit ng props na bandila upang gunitain at parangalan ang Araw ng Kalayaan.[29] Nagpaparangal sa sekular na Karakol bilang paggunita o bilang pagpupugay o pasasalamat sa isang bagay na walang kaugnayan sa relihiyon.

Sa mga paligsahan, nawawala ang elemento ng pinararangalang poon o santo, at nagiging isang pagtatanghal na lamang at maaaring naiiba ang pinanataanan o pinaglalaanan.

Ang mga mananayaw ang nagpaparangal hindi sa poon kundi sa isang tao o sa sarili. Kung minsan, sa paligsahan nagiging baliktad at imbis na magparangal ay silang mga nagtatanghal ang napararangalan. Karaniwang hindi nagtatagal ang pagpaparangal at pamamanata dahil nagiging pagtatanghal lamang at temporaryo lamang ang nagiging samahan ng mga tagapagtanghal.

Walang konsepto ng sakripisyong relihiyoso bagkus nagiging paggunita lamang at pagsasaya bilang bahagi ng pagtatanghal at maaaring ang sakripisyo namang makita sa pag-aalay ng oras sa mga pagsasanay bago ang pagtatanghal o paligsahan.

## Pagtitipon: Tradisyunal na Relihiyosong Karakol

Ang mga namamanata ay sila ring kalahok sa pagkakarakol. Bilang isa ring sayaw at panalangin ang pamamanatang ito, natitipon bilang komunidad ang mga indibiduwal na lumalahok sa Karakol. Tinutugunan nito ang pananalangin nang sama-sama bilang isang komunyon ng mga mananampalataya. Iniiwasan ng mga Tradisyunal na Relihiyosong mangangarakol na tawaging pagtatanghal ang kanilang gawain. Ayon sa panayam kay Orcullo (2024), hindi kailanman dapat gawing pagtatanghal o paligsahan ang pagkakarakol dahil hindi maaaring gawing paligsahan ang pananalangin. Gayunpaman, sa

[29] ABS-CBN News. "IN PICTURES: CaviteñOs Feature 'Karakol' at Araw Ng Kalayaan Event," June 23, 2023. https://news.abs-cbn.com/life/06/24/23/in-pictures-caviteos-feature-Karakol-at-araw-ng-kalayaan-event.

operasyunal na pagpapakahulugan at gamit ng "pagtatanghal" at "tagapagtanghal" sa pananaliksik na ito at sa akademikong pakahulugan sa teorya ng kultural na pagtatanghal at pag-aaral ng ritwal maituturing na pagtatanghal ang pananalangin sa anyo ng pagkakarakol at sa kabuoan nito.

Isinasagawa ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol bilang bahagi ng ruta ng prusisyon sa nasasakupan ng isang dambana, kapilya/tuklong o simbahan.

Sa pag-oorganisa ng mga Karakol makikita ang pagbuo ng hirarkiya o organisasyon. Ngunit kusang loob at espontaneo ang pakikilahok dito at hindi nangangailangan ng hirarkiya. Bagama't mapapansin din sa espontaneong Karakol ng Tradisyunal na Relihiyoso na sinusundan ang andas na naglululan sa isang poon o santo. Sinusundan ng mga mamamasan ang ugoy nito at pinakikinggan ng mga mamamasan ang sigaw ng isang namumuno o nagtitimon sa pagsasayaw ng andas. Nakatanaw lamang ang mga deboto sa andas habang umiindayog kasabay nito na parang alon. Sa gilid ng mga kalsada, makikita paminsan-minsan ang mga mangangarakol na tradisyunal ang indayog na tumataliwas kung minsan sa bilis ng tugtog ng mosiko.

## Pagtitipon: Modernong Relihiyosong Karakol

Inoorganisa rin ang mga Karakol sa mga maliliit na mga tuklong at mga kapilya ng mga organisayong pansimbahan tulad ng mga lokal na mga opisyal ng mga tuklong at mga samahan. Inoorganisa naman ang mga maliliit na mga Karakol na kabilang sa mga barangay ng mga nasa pamunuan ng isang barangay. Sa mga Poblacion na malapit sa Simbahan ng Tanza, may kani-kaniyang kinukuhang mosiko ang mga pamilya at/o Baranggay na nagpapakarakol. Karaniwang walang partikular na isponsor ang isang mangangarakol na mananayaw sa kategoryang ito at inaako ang gastos ng mga organisasyon o samahan na lumalahok sa Karakol o ang mga kalahok ang mismong naghahanap ng panggastos para sa damit at pagkain sa ganitong gawain. Ngunit gumugugol ng malaking halaga ang mismong nagpapakarakol, mula sa banda, gayak ng andas at pakain.

Maaaring iisa at maaaring hiwalay ang mga namamanata at tagapagtanghal sa Modernong Relihiyosong Karakol. Nagiging tagapagtanghal din ang mga kalahok, ngunit ang iba ay sumasama lamang, sumusubok, at ang iba ay hindi nakikiisa sa mismong pamamanata at pagtatanghal. Maaari ring isagawa ang ganitong kategorya ng Karakol sa nasasakupan ng isang dambana o ng simbahan bilang bahagi ng malalaking prusisyon o Karakol ng Bayan.

Ang ibang Karakol na inorganisa ng isang tuklong o barangay ay mas maliit ang sakop ng prusisyon na karaniwang umiikot lamang sa kung ano ang sakop ng barangay, Poblacion, o ng tuklong. Katulad ng sa Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, sinusundan din ng Modernong Relihiyosong Karakol ang hirarkiya ng simbahan. Nagkakaroon lamang ng pagkakaiba sa kung sino ang namamahala sa samahan, sino ang isponsor o nagpakarakol lalo na sa uniporme ng mga kalahok.

## Pagtitipon: Modernong Sekular na Karakol

Sa mga patimpalak at presentasyon, ang mga paaralan ang nagiging isponsor ng mga mag-aaral na kalahok. Sa mga Karakol bilang street dance contest, ang mga grupo at kung minsan, ang mga lingkod simbahan ang nagiging isponsor ngunit madalas na ang mga barangay ang nagiging isponsor sa tulong ng LGU at/o mga NGO. Kung ito naman ay sa mga subdivision, ang mga subdivision HOA at homeowners ang nag-i-isponsor.

Ang mga kalahok sa patimpalak at pagtatanghal tulad ng Karakol Dance Contest ang silang nagtatanghal. Malaking populasyon ng mga kalahok sa Karakol Dance Contest ay mga kababaihang nasa edad 30 pataas. Sa mga paligsahan sa paaralan, ang mga tagapagtanghal ay mga kabataang mag-aaral. Bagamat hindi kabilang sa mga sinuring simbahan, ang isang halimbawang paligsahan ay ginawa pa sa harap ng tahanan ni dating Pangulong Aguinaldo sa Kawit, Cavite.[30]

[30] LIVING IN CAVITE . "(CHAMPION)KARAKOL COMPETITION | KAWIT CAVITE." YouTube, March 22, 2019. https://www.youtube.com/watch?v=RK_wZ8BZoJE.

Dahil sikat sa ilang bahagi ng Cavite ang sayawan tulad ng Zumba, na may bersyong Zumba Karakol, masasabing matatag na rin ang samahan ng mga nagzu-zumba at gumugol na ng maraming panahon sa pag-eehersisyo at pagsasanay. Nagkakaroon kung gayon ng kasiyahan sa pagsasayaw at pagsasama-sama at pagpapapawis.

Kakaiba rin ang Karakol ng Tanza na nasa espektro ng Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular dahil sa paggamit ng ilang musikang sekular sa relihiyosong pagtitipon, tulad na lamang ng Voltes V at Totoy Bibo at iba pang sekular na awit. Umani rin ng reaksyon ang paraan ng pagbubuhat at pagyugyog ng mga mamamasan sa andas ni Tata Usteng na sinasabi ng ilang nakapanayam na nilalahukan ng maraming mga lasing.

## Pagdiriwang: Tradisyunal na Relihiyosong Karakol

Sinasabi ng ilang mga pari na nakapanayam na mas tradisyunal pa rin ang Karakol kung sinasaliwan ito ng tugtog ng mosiko o ng banda. Ayon sa pahina ng Reina del Caracol (2023) iisa ang galaw at paraan ng pagsasayaw ng Karakol, at hindi dapat binibigyan ng bagong estilo.[31]

Nangyayari ang mga karaniwang kasiyahan sa isponsor na bahay, pinakakain ng mga pagkaing handa sa kapistahan ang mga lumalahok sa Karakol kasa-kasama ang banda. Madalas ding makikita sa daan ang mga nagpapakain sa daan, sa ibang lugar tinatawag itong pa-*caridad*.

Sa isang Karakol na isinagawa ng Dambana ni San Agustin de Tanza, isinagawa ang Karakol sa pasasalamat sa pagtatapos ng unang set (sa tatlo) ng nobena kay Tata Usteng. Tumagal ang Karakol mula ika-3 ng hapon hanggang bago mag-iika-6 ng hapon. Nagsasagawa ng Karakol bawat pagtatapos ng Nobena alay kay Tata Usteng hanggang sa Karakol ng Bayan, na isa sa pinakamalaki at pinakamaraming sabay-sabay na Karakol. Nagtapos ang buong Karakol kasama ang misa ng

[31] Reina del Caracol - Rosaryohan. "Mga Paalala sa Pagsasayaw ng Karakol." Facebook, October 6, 2023. https://www.facebook.com/photo?fbid=346782448005832&set=pcb.346782514672492.

ika-8 na ng gabi. Samantalang mas matagal ang mga Karakol ng Bayan at mas mahaba na tumatagal ng sampu hanggang 14 na oras.

## Pagdiriwang: Modernong Relihiyosong Karakol

Mayroong minodernisang tradisyunal na sayaw ng Karakol na tinatawag na "Kandirit" o "Kandirit Pandanggo" na isang *choreographed* na mga indayog at kandirit na pinalaganap ng parehong Kagandahan Dance Group at ng Anak Magdalena na mga deboto ng Magdalena ng Kawit. Tinatawag ng mga mangangarakol na ito ang anyong ito ng Karakol bilang "Karakol ng Kawit" o "Karakol sa Kawit" na iniaalay pa rin sa poon o santong pinamamanataanan o sa kaso ng panayam na ito, sa poong dinayo ng mga mangangarakol.

Katulad ng sa tradisyunal, isinasagawa ang mga Modernong Relihiyosong Karakol sa pamamagitan ng mga isponsor o ng kusang pakikilahok. Sa mga modernong Karakol, isponsor din ang nagpapakain at kung minsan nagpapainom. Karaniwan ding makikita sa mga kabahayan ang mga pa-*caridad*. Makikita ang selebrasyon sa pamamagitan ng sama-samang pagsasayaw ng isang kandirit sa andas at sa sabay-sabay na pagsasayaw lalo kung mas marami ang tagapagtanghal na deboto sa Karakol, masaya ang indak at kandirit at kung minsan mayroong isinisigaw kasabay ng ilang *steps* at inaawit din ang mga awiting tinutugtog ng mosiko.

## Pagdiriwang: Modernong Sekular na Karakol

Gumagamit sa streetdancing na Karakol ng tipikal na musika na kung minsan ay pang-zumba na ni-remix at hinaluan ng musika ng banda sa Karakol. Gumagamit din ang ilan ng *sound system* na may bumabayong *beat* sa tugtuging Karakol. Halimbawa, may isang paligsahan na gumamit ng Karakol na bersyon ng paruparong bukid at sinundan ng remix ng Paruparo G.[32]

---

[32] RGIEVLOG. "Karakol || Street Zumba Dancing 2023 || @rgievlog." YouTube, February 5, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=IVehbjCqVrg.

Sa ganitong anyo ng Karakol, pareho sa tipikal na steps ang ginagamit habang nagmamartsa at umiindayog paminsan sa musika at indak ng Karakol. Kung ang Karakol ay ginaganap sa simbahan tulad ng zumba Karakol, o Zumba sa tugtuging Karakol, sinasagot ng isponsor ang pakain sa mga kalahok o may bitbit na pagkain ang mga nagtanghal o kalahok. Kung ginawa ito sa paaralan, kinakailangang umuwi ng mga mag-aaral matapos ang paligsahan at matapos maianunsyo ang mga nagwagi at pinagtutulung-tulungan ng mga kalahok o ng mga isponsor ang kakainin.

## KONGKLUSYON

Ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol ay nakaugat pa rin sa relihiyon at nailalarawan sa pamamagitan ng mabagal at solemne na pagsasayaw. Ito ay kadalasang ginagawa ng mga matatandang nagmana ng pamamanata mula pa sa kanilang mga magulang na kalahok din sa pamamanata sa isang poon o santo. Ang Modernong Relihiyosong Karakol ay may bahid ng kulturang popular at isinasama ang mga elemento ng modernisasyon na halaw sa popular na kultura, tulad ng mas mabilis na musika at mas masiglang pagsasayaw na nagiging panoorín ng mga tagamasid. Muling pagbuhay ito sa isang pagdiriwang o festival.[33] Madalas itong ginagawa ng mga kabataan at ng grupo-grupo na sumasayaw nang sabay-sabay at praktisado. Hindi relihiyoso ang Modernong Sekular na Karakol at kadalasang ginagawa bilang isang kompetisyon o pagtatanghal, karaniwan ding binabansagan bilang folk dance at nagsasangkot ng iba't ibang steps mula sa iba pang sayawing bayan na itinatanghal para sa mga manonood.

Ang Karakol ay nananatiling isang mahalagang kultural na tradisyon sa Cavite at ito ay nagpapatuloy na paraan para magkabuklod-buklod at magdiwang ang mga Kabitenyo. Sa patuloy na paglaganap muli ng Karakol sa probinsya ng Cavite mababatid ang pagbabago ng ritwal na sayaw ng Karakol sa dalawang simbahang inobserbahan. Sa pagsusuri gamit ang teorya ng kultural na pagganap ni Tiatco, lumabas

[33] Marilyne Antonette Adiova, "Music, Dance, and Negotiations of Identity in the Religious Festivals of Bicol, Philippines," 2014.

ang mga pag-unawa sa 14 na elementong nakapaloob sa Panata, Pagtitipon at Pagdiriwang ni Tiatco ang mga natatanging katangian, pagkakatulad at pagkakaiba. Sumasalamin ang mga pagbabagong ito na nangyayari sa tatlong kategorya ng Karakol sa pagbabago sa kalikasan ng relihiyon at lipunan sa probinsya ng Cavite. Hindi na gaanong nagiging laganap ang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol, at kailangang galugarin pa, habang ang mga modernong kategorya nito tulad ng Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular na Karakol ay nagiging mas popular at mas nakikilala ng mga bagong deboto at namamanata lalo na ng bagong henerasyon ng mga kabataan. Mungkahi ng mga mananaliksik na palawakin pa ang pag-aaral, makatutulong ang iba pang pananaliksik upang mapakapal ang mga sanggunian na tumatalakay sa natatanging pagtatanghal na ito sa Cavite. Mungkahing mas saliksikin pa ang lumitaw na laganap na Karakol ng Kawit sa Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular na Karakol. Sa pananaliksik na ito, nakita ang pagkakaiba ng Karakol ng Tanza kumpara sa Karakol ng Rosario. Sa pananaliksik na ito, nakita ang mas malakas na pag-ugoy sa andas ni Tata Usteng sa Tanza, mas *upbeat* din ang mga tugtugin ng mosiko na sinasabayan ng mga mamamasan, at sinasabayan ng mga mangangarakol, sinisimulan din ang araw ng Karakol ng Bayan sa isang patimpalak ng Karakol o street dance contest/ cultural dance contest sa plaza malapit sa Simbahan na inorganisa ng lokal na pamahalaan. Sa lagay na ito, maaaring tunguhin ng Karakol ng Tanza ang espektro ng Modernong Relihiyoso at Modernong Sekular na Karakol. Samantalang, sa Karakol ng Rosario, mas estrikto ang mga nag-oorganisa at madalas na mag-*post* at magpaalala kaugnay ng mga panuntunang dapat sundin sa Karakol, dito mas naobserbahan ang mas mabagal na sayaw ng Karakol at ugoy ng andas, na maaaring uriin sa kategoryang Tradisyunal na Relihiyosong Karakol. Mungkahi rin ng mga mananaliksik ang pag-unawa sa mga motibasyon ng mga kalahok at kung paano nila nakikita ang Karakol. Sa kakulangan ng mga primaryang datos hinggil sa matandang kasaysayan nito, maaari ring isaalang-alang ang pagsasagawa pa ng mga panayam sa mga kalahok upang makakuha ng kanilang sariling mga pananaw sa mga pagbabago sa Karakol, maitala at malikom ang mga datos sa kasaysayan ng pinagmulan at ebolusyon ng Karakol gayundin ang mga organisasyon ng mga mangangarakol sa Cavite.

## SANGGUNIAN


ABS-CBN News. "IN PICTURES: Caviteños Feature 'Karakol' at Araw Ng Kalayaan Event." June 23, 2023. https://news.abs-cbn.com/life/06/24/23/in-pictures-caviteos-feature-Karakol-at-araw-ng-kalayaan-event.

Adiova, Marilyne Antonette. "Music, Dance, and Negotiations of Identity in the Religious Festivals of Bicol, Philippines." 2014.

Artuz, L. "Symbolic Interactionism Approach: On the Role of Pilgrimage Churches in Bataan." *Likha* 2, no. 1 (2020): 11-18.

Austria, Jose Alain. "Social Realities in Early 19th Century Santa Cruz de Malabon as Reflected in Religious Folklore." *The Journal of History* 51, no. 1-4 (2005): 1-11.

———. "The Hardwood Patriarch: San Agustin De Tanza." *Ad Veritatem* 7, no. 1-2 (2007): 307-343.

Capio, Lorenzo Alvin T., and Susana R. Reyes. "A Phenomenological Inquiry on the Devotees of the Miraculous Image of San Agustin De Tanza, Philippines." *Journal of Advanced Research in Social Sciences and Humanities* 4, no. 1 (2019): 09-16.

Cariaga, Jane. "Documentation and Notation of the Traditional Dances of the Yogads of Isabela." *Researchers World* 5, no. 4 (2014): 71-82.

Deguma, J., Melona S. Case, and Jemima N. Tandag. "Popular Religiosity: Experiencing Quiapo and Turumba." *International Journal of Humanities and Social Science* 2 (2019): 1-11.

Demeterio III, Feorillo Petronillo, and Noella Ma-I. Orozco. "The Sacred Images, Patronages, and Rituals of Obando Church, Bulacan, Philippines: A Historical Investigation." *Philippiniana Sacra* 58, no. 176 (2023): 323-358.

Diocese of Imus. "Tena't MagKA-RA-KOL Diocese of Imus: Golden Jubilee Celebration." Gold Page Printing Services, 2021.

Fresnido, Cristine Anne B. "Karakol: A Dance of Devotion and History." 2018.

Gundlach, Helga Barbara. "New Approaches to the Study of Religious Dance." In *New Approaches to the Study of Religion, Vol. 2: Textual, Comparative, Sociological, and Cognitive Approaches*, 139-164. 2004.

Kavakli, Evangelia, Sophia Bakogianni, Adam Damianakis, Maria Loumou, and Dimitris Tsatsos. "Traditional Dance and E-Learning: The WEBDANCE Learning Environment." In *International Conference on Theory and Applications of Mathematics and Informatics*, Greece, 2004.

KWF Diksiyonáryo ng Wíkang Filipíno. "Kahulugan ng Pagdiriwang." October 2, 2023. https://kwfdiksiyonaryo.ph/.

———. "Kahulugan ng Panata." October 2, 2023. https://kwfdiksiyonaryo.ph/.

Liba, R. T., A. R. C. Reyes, A. J. A. Alea, H. J. S. Barros, P. A. de Rosas, A. R. S. D. Torre, and J. G. Lachica. "Native Rice Delicacies of Naic, Cavite: An Exploratory Study of Gastronomical Past, Present, and Future." 2017.

Merriam-Webster Dictionary. "Definition of Modern." October 5, 2023. https://www.merriam-webster.com/dictionary/modern.

———. "Definition of Secular." October 2, 2023. https://www.merriam-webster.com/dictionary/secular.

Reina del Caracol - Rosaryohan. "Mga Paalala sa Pagsasayaw ng Karakol." Facebook, October 6, 2023. https://www.facebook.com/photo?fbid=346782448005832&set=pcb.346782514672492.

Stausberg, Michael, and Steven Engler, eds. *The Oxford Handbook of the Study of Religion*. Oxford University Press, 2016.

Tiatco, Sir Anril Pineda. "Panata, Pagtitipon, Pagdiriwang: A Preliminary Contextualization of Cultural Performances in the Philippines." *Humanities Diliman* 16, no. 1 (2019).

Unabia, Teresita Palma, Bernardo Noceda Sepeda, and Rosanni Recreo-Sarile. *The Virgins of Cavite: History, Art, and Religiosity.* De La Salle University-Dasmariñas, Cavite Studies Center, 2014.

Villanueva, Voltaire. "Pasubo bilang Panata: Pagbabalik, Pagtatagpo at Pagdiriwang sa Pook Pangkalinangan ng Pateros." *HASAAAN* 1, no. 1 (2014): 1-11.

DIGITAL NA MGA SANGGUNIAN

Chivas Ethan Dones. "Karakol 2018 'Julugan Fiesta'." YouTube video, accessed September 29, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=zbyGBxiIEaw.

Eg Grepo TV. "KARAKOL 2022 - GENERAL TRIAS CITY FIESTA 2022 | KAPISTAHAN NI TATA KIKO." YouTube video, accessed October 3, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=wLPjUmPO_Kw.

GreenCultureBuzz. "Karakol ng Kawit." YouTube video, accessed October 1, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=J2amY2yqxAA.

Iah Jacob. "BRGY. Poblacion, Tanza, Cavite 1 Zumba Karakol Champion Team 80's!!!." YouTube video, August 23, 2017. https://www.youtube.com/watch?v=9b3pmf0CZFI.

Living in Cavite. "(1ST PLACE) Karakol Competition | Kawit Cavite." YouTube video, accessed September 30, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=Gg66qYC86ME.

Living in Cavite. "(2ND PLACE) Karakol Competition | Kawit Cavite." YouTube video, accessed October 1, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=X3ZgmzpUd6k.

Living in Cavite. "(Champion) Karakol Competition| Kawit Cavite." YouTube video, March 22, 2019. https://www.youtube.com/watch?v=RK_wZ8BZoJE.

Ministri Ng Kabataan. "Grand Champion, Karakol Competition 2022: Parish Youth Ministry." YouTube video, accessed September 27, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=ZnctP9PWo98.

RGIEVLOG. "Zumba Karakol || Street Zumba Dancing 2023 || INDOI RG." YouTube video, accessed September 26, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=IVehbjCqVrg.

Sandy Terania Channel. "Karakol alay kay Tata Usteng - Paradahan2, Tanza, Cavite." YouTube video, accessed October 2, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=Lx5llrkoK5g.

Sandy Terania Channel. "KARAKOL ST MARY MAGDALENE, KAWIT CAVITE."YouTube video, accessed September 30, 2023. https://www.youtube.com/watch?v=Qrm08Z-rm4Q.

## HINGGIL SA MGA MAY AKDA

Si **G. June Kiervin Dioso** ay kasalukuyang Puno (Head) ng Yunit ng Filipino sa Paaralang De La Salle Santiago Zobel (Alabang at Vermosa Campus) at Br. Rafael Donato Night High School, at naging guro ng Filipino sa loob ng limang taon. Isa sa mga residenteng tagapagsanay sa larangan ng asignaturang Filipino, Pedagohiya, at Educational Technology sa Career Advancement, Research, and Lifelong Learning (CARL) Institute, Inc at isa sa mga National Faculty ng Carl Balita Review Center sa mga asignaturang General Education Filipino at Technology in Teaching and Learning. Siya ay kasalukuyang kumukuha ng Master sa Sining sa Araling Filipino: Wika, Kultura, Midya sa De La Salle University-Manila, nagtapos ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino mula sa The National Teachers College, at isang lisensyadong propesyunal na guro. Nakapagsalita at iniharap ang kaniyang mga pananaliksik at panayam hinggil sa pagsasalin ng mga relihiyosong dokumento, lokal na kultura ng probinsya ng Cavite, ang makabagong mag-aaral sa ika-21 siglo, mga paksa sa Educational Technology, atbp. Miyembro ng Silang Historical Society, at honorary member ng Kawit Historical Society. Siya rin ay isa sa mga kontribyutor-awtor ng una at ikalawang edisyon ng Ultimate Learning Guide to Filipino.

Si **Dr. Feorillo A. Demeterio III** ay isang Full Professor ng Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Malalayang Sining, at Direktor ng University Research Coordination Office, De La Salle University. Siya ang may-akda ng mga librong Ang mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (2012), Ferdinand Blumentritt and the Philippines (2013), at The Socio-Political Discourses of the Catholic Bishops' Conference of the Philippines (2018), gayundin ng iba't ibang sanaysay tungkol sa hermenyutika, araling kultural, araling Pilipino, at pilosopiyang Filipino na nailathala sa ilang lokal at internasyonal na journal. Siya ay co-author ng mga aklat na From Exceptionality to Exceptional: Inclusion of Differently Abled Persons in the Workplace (2014), at Cataloging and Baselining the Filipino-Spanish Churches of the Diocese of Maasin, on the Island of Leyte (2020). Naglingkod siya bilang visiting research professor sa Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington, DC, noong 2013, at sa Divinity School of Chung Chi College, Chinese University of Hong Kong, noong 2021. Noong 2014 , kinilala si Dr. Demeterio bilang isang natatanging alumnus sa larangan ng pilosopiya ng Graduate School ng University of Santo Tomas. Siya ay co-founder ng Andrew Gonzalez Philippine Citation Index.